**SALIN BUHAT SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA GINANAP NGAYONG IKA-19 NG SETYEMBRE, 2016 SA BULWAGANG PULUNGAN NG AMADO RAYMUNDO.**

**Mga Nagsidalo:**

**IGG. LEONARDO L. LEONCIO**
*Pangalawang Punong Bayan at*
*Tagapangulo ng Sangguniang Bayan*

**IGG. ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
*(Pinuno ng Mayorya)*

**IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ**
*(Pinuno ng Minorya)*

**IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN** **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN**
**IGG. LEO T. SANTOS** **IGG. EDWIN N. DE GUZMAN**
**IGG. ROMULO DF. LAZARO** **IGG. APRILLE KEITH M. LAZARO**

**IGG. MARTIN SJ. ANGELES**
*(Pangulo, Liga ng mga Barangay)*

OFFICIAL RECEIVED
DATE: 10/5/16
TIME: 4:20 PM
BY:

# PAMPAMAHALAANG KAUTUSAN BLG. 2016-06

**"ISANG KAUTUSANG NAGTATATAG SA SISTEMA AT ISTRAKTURA NG AM (AKTIBO AT MASAYANG) KABATAAN CENTER".**

---

**Pinagtibay sa mungkahi ni: Igg. Leo T. Santos**
**Tagapangulo**
**Lupon ng Kabataan, Bata, Isports, Laro at Libangan**

---

**SAPAGKA'T,** sa ginawang pagpupulong ng lupon, nakita nila na maganda at makakatulong ang pagtatakda ng sistema at istraktura sa AM Kabataan Center upang higit na mabigyang pagpapahalaga ang talento at potensyal ng mga kabataan;

**SAPAGKAT,** ang kabataan ang siyang pag-asa ng bayan at mga susunod na manunungkulan bilang lingkod bayan;

**SAPAGKAT,** kailangang mabigyan ng pangangalaga at proteksiyon ang mga kabataang biktima ng pang-aabuso, karahasan, prostitusyon, pagmamaltrato, diskriminasyon, at iba pang krimen;

**SAPAGKAT,** kinakailangan din ng proteksiyon at kasiguraduhan ng pagbibigay ng karapatan sa mga kabataang tinaguriang *"children in conflict with the law"*;

**SAPAGKA'T,** nilalayon din ng panukalang ito ang institusyonalisasyon ng AM Kabataan Center na itinindig upang kilalanin ang kagalingan ng kabataang Bustosenyo,

linangin ang kanilang kakayahan, kalingain ang pinagkaitan at pahalagahan ang kanilang gampanin sa pagpapaunlad ng pamayanan at pagbabago ng lipunan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang panukalang kautusan na nagtatatag sa sistema at istraktura ng AM (Aktibo at Masayang) Kabataan Center gaya ng sumusunod:

**Seksyon 1.** *Katangiang Dapat Taglayin ng AM Kabataan Center.* — Ang AM Kabataan Center ay:

1. Isang lugar na ligtas at napapangasiwaan nang wasto at sapat;
2. Isang lugar na angkop sa kabataan — na ang kabataan ay may naiambag na ideya sa hitsura ng espasyo nito;
3. Isang lugar na may angkop na kagamitan, tagapagturo, at mga huwaran;
4. Isang lugar na may diwa ng pagmamay-ari at pananagutan ang kabataan;
5. Isang lugar na nakakapag-uugnay ng mga makapagkukunang kakayanan sa komunidad;
6. Isang lugar na nakapagbibigay ng pagkakataon para sa paglahok sa komunidad; at
7. Isang lugar na naitataguyod ang adbokasiyang pambata at kabataan.

**Seksyon 2.** *Kaunlarang Pinangungunahan ng Kabataan (Youth-Led Development).* — Sa pagbabalangkas ng mga programa, proyekto at aktibidad pangkabataan, kinakailangang isaalang-alang sa tuwina ang mga sumusunod:

1. Na ang kabataan ang tutukoy sa kanilang sariling adhikain at layunin sa pag-unlad;
2. Na ang kabataan ay kailangang bigyan ng sosyal at pisikal na espasyong mapaglalahukan;
3. Na dapat hinihikayat ang pamamatnubay ng mga nasa hustong edad at tuwangang paggabay ng kapwa kabataan;
4. Na dapat ang kabataan ay maging huwaran sa iba pang mga kabataan upang mahikayat silang makibahagi sa pag-unlad; at
5. Na dapat ang kabataan ay isama sa lahat ng mga lokal na programang pangkaunlaran at istraktura.

**Seksyon 3.** *Magkatuwang na Sangay ng Serbisyo (Twin Track Approach).* — Ang AM Kabataan Center ay magsisilbing: "Sentro ng Aktibidad Pangkabataan **(Center for Youth Activities)**" para sa mga kabataan sa pangkalahatan, at "Pansamantalang Matutuluyan **(Halfway House)**" ng mga bata at kabataang nasasapanganib (at-risk), at lugar kung saan idadaos ang paunang panayam sa mga menor de edad na may sumalungat sa batas (in conflict with the law).

(1) 8:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi mula Linggo hanggang Huwebes.
(2) 8:00 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi mula Biyernes hanggang Sabado.

b. Ang mga unang beses na sasadya o papasyal ay kailangang punan ang "personal information cards."

c. Ang mga sumasadya at pumapasyal ay magpapatala sa "logbook" sa pagpasok at paglabas.

d. Maglalaan ng mga "indoor games."

e. Magtatakda ng mga patakaran upang matiyak na ang lugar ay angkop at wastong napapangasiwaan.

4. **Aktibidad at Pagsasanay Pang-isports at Pangkalinangan (Sports and Cultural Events and Trainings)** gaya ng mga sumusunod:

a. **Regular na mga akbitidad** tulad halimbawa ng:
(1) Gabi ng tulaan tuwing unang Biyernes ng buwan.
(2) Gabi ng "toastmasters" o pagtatalumpati at pagdedebate tuwing ikalawang Biyernes ng buwan.
(3) Gabi ng pagluluto, kulinarya at pagsasalu-salo tuwing ikatlong Biyernes ng buwan.
(4) Gabi ng panunuod at pagsusuri ng pelikula tuwing ikaapat na Biyernes ng buwan.
(5) Gabi ng musika at akustika tuwing Sabado linggu-linggo.

b. **Regular na mga pagsasanay** tulad halimbawa sa:
(1) Sining biswal tuwing umaga ng Sabado.
(2) Gitara tuwing hapon ng Sabado.
(3) Biyolin tuwing umaga ng Linggo.
(4) Sayaw at teatro tuwing hapon ng Linggo.

c. **Mga espesyal na aktibidad** tulad halimbawa ng:
(1) Paligsahan sa "table tennis."
(2) Paligsahan sa "chess."

d. **Espesyal na mga pagsasanay** tulad halimbawa ng:
(1) "Table tennis clinic" tuwing bakasyon.

**Seksyon 5.** ***AM Kabataan Center bilang Pansamantalang Matutuluyan (Halfway House).*** — Bilang "Pansamantalang Matutuluyan," ilalaan ng AM Kabataan Center ang mga sumusunod na serbisyo:

1. **Para sa mga Bata at Kabataang Nasasapanganib:**

a. **Mga biktima ng abuso at karahasan**
(1) Ang pagsusumbong ay ihahain sa Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan.
(2) Ang Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan ang siyang mag-aasikaso sa mga hakbang legal katuwang ang *Women and Children's Protection Desk* ng Pambayang Kapulisan.


(3) Kung kinakailangan, dadalhin ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan ang biktima sa AM Kabataan Center.
(4) Ang "Houseparent" ang tatanggap sa biktima at isasagawa ang kinakailangang mga papeles ng pagtanggap.
(5) Ang biktima ay pansamantalang manunuluyan sa AM Kabataan Center hangga't kinakailangan, alinsunod sa pag-aatas ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan.

b. **Mga bata at kabataang may suliranin (troubled teens)**
(1) Magiging bukas ang AM Kabataan Center sa mga bata at kabataang naglayas, lubhang nalulumbay (depressed) at may emosyonal na kabalisahan (emotionally troubled) na nangangailangan ng tulong emosyonal at patnubay.
(2) Sila ay tatanggapin ng "Houseparent" na gagawin ang kinakailangang mga papeles ng pagtanggap.
(3) Ang "counselor" ay maglalaan ng pagpapayo at "interpersonal intervention."
(4) Kung kinakailangan, ipatatawag ng "counselor" ang pamilya upang siya ay mamagitan sa kanila.
(5) Kapag napanatag ang suliranin, pauuwin ang lumayas na bata o kabataan.
(6) Pananatilihin ang pakikipag-ugnayan sa kabataang lubhang nalulumbay (depressed) at may emosyonal na kabalisahan (emotionally troubled).

2. **Lugar para sa Paunang Panayam sa Menor de Edad na may Paglabag o Pagsalungat sa Batas (Children and Youth in Conflict with the Law)** - Ang AM Kabataan Center ay magsisilbing lugar upang idaos ang patiunang panayam o imbestigasyon ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan o ng Women and Children's Desk Office ng pulis pambayan sa menor de edad na hinihinalaan o mahuhuling lumabag sa batas. Hindi nito mangangahulagan na ang AM Kabataan Center ay ituturing na o gagawing "juvenile delinquent center."

**Seksyon 6.** ***Pahintulot ng Magulang sa mga Menor de Edad na pansamantalang Kukupkupin ng AM Kabataan Center. Maliban.*** Na ang mga menor de edad na biktima ng pang-aabuso, prostitusyon, pagmamaltrato, diskriminasyon at iba pang krimen ay maaaring pansamantalang kupkupin sa AM Kabataan Center, sa pasubali na sila ay may pahintutlot mula sa kanilang magulang o "guardians". Maliban, kung ang sanhi pang-aabuso ay dulot ng kanilang mga magulang o "*guardians*".

**Seksyon 7.** ***Istraktura ng Organisasyon ng AM Kabataan Center.*** — Ang AM Kabataan Center ay pamamahalaan ng sumusunod:




**Seksyon 8.** ***Mga Tungkulin ng Kawanihan ng AM Kabataan Center.*** **—** Ang mga pangunahing tungkulin ng mga kawani ng AM Kabataan Center ay ang sumusunod:

1. **"Youth Development Assistant"** - na siyang gaganap bilang "*Center Manager*" ang mangagasiwa sa mga sumusunod:

    a. Serbisyo ng AM Kabataan Center bilang "Center for Youth Activities," at siya ring mangangasiwa sa Activities Coordinator.

    b. Serbisyo ng AM Kabataan Center bilang "Halfway House," at siya ring mangangasiwa sa:
    b.1 Dalawang (2) Houseparents; at
    b.2 Isang (1) Counselor.

2. **Dalawang (2) Houseparents, isang lalaki at isang babae:**

    a. Na may batayang kwalipikasyon na:
    (1) Nakapagtapos ng hindi kukulangin sa dalawang taong kurso na may kaugnayan sa kaniyang trabaho, at hangga't maaari ay may diploma sa "caregiving";
    (2) May naunang karanasan sa pangangalaga ng bata, hangga't maaari ay may anak, o isa ng magulang;
    (3) Na ang edad ay hindi kukulangin sa 30 taong gulang;
    (4) Walang anumang rekord ng krimen sa barangay, sa bayan o sa korte; at
    (5) Kilala bilang iginagalang na tao sa kaniyang pamayanan, na walang kinasangkutang isyung seksuwal o pagmamaltrato.

    b. Na tutupdin ang mga pangunahing tungkulin na:
    (1) Tiyakin ang kaligtasan at kalinisan ng Center;
    (2) Pangalagaan ang mga kabataan at batang bumibisita at/o pansamantalang nanunuluyan dito; at
    (3) Maging handa sa pagbibigay ng suportang emosyonal, espirituwal at pisikal, na isinasaalang-alang pa rin ang hangganan o limitasyon ng sariling kakayahan, at itukoy sa mga may-kakayahan ang mga usapin o pangangailangang hindi niya kayang tugunan.

3. **Isang (1) Activities Coordinator**
   a. Na may batayang kwalipikasyon na:
      (1) May karanasan sa pag-oorganisa ng samahan, lalo't higit sa kabataan, at may kaalaman sa pag-oorganisa ng pamayanan (community organizing);
      (2) May pang-unawa sa pangangailangan ng kabataan bilang isang organisador at nagkaroon na ng karanasan sa pangangasiwa sa mga alitan sa loob ng isang samahan, o ang pagbubuklod at pagpapatibay sa isang samahan;
      (3) May kakayahang magdaos ng mga pagsasanay tulad ng "workshops" at "seminars" may kaugnayan sa usaping pangkabataan;
      (4) Nagkaroon ng mahalagang papel at karanasan sa pagpapatupad ng mga proyekto at programang pangkabataan;
      (5) Walang anumang rekord ng krimen sa barangay, sa bayan o sa korte; at
      (6) Kilala bilang iginagalang na tao sa kaniyang pamayanan, na walang kinasangkutang isyung seksuwal o pagmamaltrato.
   b. Na tutupdin ang mga pangunahing tungkulin na:
      (1) Bigyan ng orientasyon ang mga kabataan at mga panauhing unang beses na sasadya sa Center ukol sa mga pasilidad, programa at kawanihan nito;
      (2) Kung kwalipikado, sanayin ang mga kabataan at/o magdaos ng mga programa at aktibidad na binalangkas ng Center para sa kabataan;
      (3) Organisahin ang mga kabataan at makipag-ugnayan sa iba't ibang samahang pangkabataan; at
      (4) Gawin ang lahat ng mga gampanin upang ang AM Kabataan Center ay maging "center for youth activities."

4. **Isang (1) Counselor**
   a. Na may batayang kwalipikasyon na:
      (1) Nakapagtapos ng kursong may kaugnayan sa kaniyang trabaho tulad ng "psychology" o "counseling";
      (2) Walang anumang rekord ng krimen sa barangay, sa bayan o sa korte; at
      (3) Kilala bilang iginagalang na tao sa kaniyang pamayanan, na walang kinasangkutang isyung seksuwal o pagmamaltrato.
   b. Na tutupdin ang mga pangunahing tungkulin na:
      (1) Maglaan ng sikolohikal, pangkaisipan at pandamdaming suporta sa mga bata at kabataan lalo na sa nasasapanganib; at
      (2) Suriin ang mga aktibidad sa AM Kabataan Center kung ang mga ito ba ay angkop at karapat-dapat sa edad ng kabataan.

**Seksyon 9.** ***Mga Oras ng Pagseserbisyo ng mga Kawani.*** **—** Ang mga kawani ng AM Kabataan Center ay inaasahang magserbisyo sa mga sumusunod na mga oras at araw:

1. **Para sa Activities Coordinator:** Walong oras sa bawat araw sa loob ng limang (5) araw, na may dalawang (2) araw na pahinga maliban sa mga araw ng Biyernes, Sabado at Linggo, at maaaring ipagpaliban ang pahinga kung kinakailangan dahil sa mga aktibidad sa pagpapatawag o pag-aatas ng Tanggapan ng Punong Bayan.

2. **Bawat isa sa dalawang (2) Houseparents:** Walong (8) oras sa bawat araw sa loob ng limang (5) araw sa isang (1) linggo. Ang Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan ang magtatakda ng halinhinan at mga araw ng pahinga ng mga houseparents. Subalit, ang mga houseparents ay maaaring ipatawag o magserbisyo ng higit sa walong oras sa anumang oras ng araw, kung kinakailangan, ng Punong Bayan o ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan.

3. **Para sa Counselor:** Walong oras sa bawat araw sa loob ng limang araw na may dalawang araw na pahinga, at maaaring tawagan sa anumang oras ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan kung kinakailangan.

**Seksyon 10.** *Mga Gaganap na Tagapangasiwa.* — Habang hindi pa naitatalaga ang "Youth Development Assistant" na siyang gaganap bilang "Center Manager," ang mangagasiwa sa mga sumusunod ay:

1. **Tanggapan ng Punong Bayan** para sa mga serbisyo ng AM Kabataan Center bilang "Center for Youth Activities," at siya ring mangangasiwa sa Activities Coordinator.

2. **Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan** para sa mga serbisyo ng AM Kabataan Center bilang "Halfway House," at siya ring mangangasiwa sa:
   a. Dalawang (2) Houseparents; at
   b. Isang (1) Counselor.

**Seksyon 11.***Patakaran at Alituntunin.* - Na, sa loob ng tatlumpong (30) araw mula sa pagkakabisa ng Kautusang ito ay magbabalangkasng Patakaran at Alituntunin para sa pagpapatupad ng Kautusang ito. Ito ay isusumite sa Sangguniang Bayan upang matiyak na ito ay naaayon sa nilalaman at intensiyon ng Kautusang ito.

**Seksyon 12.***Mga Patakaran ng Pagpapatakbo sa AM Kabataan Center (Operations Manual).* — Na, sa loob ng tatlumpong (30) araw mula sa pagkakabisa ng Kautusang ito ay magbabalangkas rin ng "Operations Manual" para sa pagpapatakbo ng AM Kabataan Center na lalamnan ng mga sumusunod:

| *Paksa* | *Magbabalangkas* |
| --- | --- |
| Personnel Application and Hiring | Tanggapan ng Punong Bayan |

| | |
|---|---|
| Personnel Policies and Procedures | Tanggapan ng Punong Bayan |
| Personnel Code of Ethics and Behavior | Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan, katuwang ang Lupon ng Sangguniang Bayan sa Bata, Kabataan, Isports, Laro at Libangan |
| Visitor Conduct and House Rules | Tanggapan ng Punong Bayan |
| Organizational Networking, Collaboration and Development | Tanggapan ng Punong Bayan |
| Legal Protocols and Procedures | Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan |
| Reporting Policies | Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan |
| Intervention Procedures | Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Kagalingan at Kaunlarang Panlipunan |

**Seksyon 13.** ***Pagsususog na Sugnay.*** — Alinmang bahagi o mga bahagi ng mga kautusang taliwas dito ay inaangkop, binabago, sinususugan o pinawawalang-bisa.

**Seksyon 14.** ***Paghihiwalay na Sugnay.*** — Alinmang bahagi ng Kautusang ito na mapapatunayang labag sa batas ay hindi magpapapawalang-bisa sa mga tadhanain nitong hindi napatunayang labag sa batas.

**Seksyon 15.** ***Pagkakabisang Sugnay.*** — Ang Kautusang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw makaraang ipaskil sa mga hayag na lugar sa buong Bayan ng Bustos.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Setyembre taong Dalawang Libo Labing Anim, sa Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**LEONARDO L. LEONCIO**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Labing Anim.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

*Sinang-ayunan:*

**ARNEL F. MENDOZA**
Punong Bayan

SEP 30 2016